*Office of the Schools Division Superintendent*



## 2021 COMPLETION MESSAGE

Malungkot. Walang seremonya. Kakaiba. Birtwal.

Iilan lamang sa mga salita na maglalarawan sa bagong normal na kaparaanan sa pagdiriwang ng pagtatapos ng ating mga kabataan, na siyang bumulaga sa bawat isa at nagdulot ng kalituhan sa mga tagapangasiwa ng mga paaralan, mga guro, mga mag- aaral at sa kani- kanilang mga magulang. Ang magkaroon ng pagdiriwang tulad ng pagtatapos na ni isang hiyaw ng tagumpay at malulutong na palakpak ay hindi mo mauulinigan ay tunay ngang hindi natin inaasahan at tunay ring hindi ikinatutuwa ng nakararami.

Ang pagtatapos ng taong aralan 2020-2021, ay pangalawang yugto ng pagtatapos na hindi natin lubos aakalain na mangyayari subalit isang malaking katotohahan na hanggang sa kasalukuyan ay nananatili ang banta ng pandemya kaya wala tayong magagawa kung hindi mas piliing pangalagaan ang kalusugan ng bawat isa lalo na ang ating mga kabataan. Gayunpaman, ay nanatiling matatag ang ating Kagawaran sa adhikaing isulong ang edukasyong de-kalidad kahit sa gitna ng anumang pagsubok na kinakaharap kaya mapalad pa rin kayo mga mahal naming mga mag-aaral sapagkat kailanma'y hindi kayo pinabayaan ng ating mahal na Kagawaran.

Tunay ngang hindi madali ang mga pagbabagong inyong dinaranas sa kasalukuyan subalit tulad ng inyong mga mapagmahal na magtuturo ay masaya ako dahil nanatili kayong matatag na sagutan ang bawat gawain kahit walang gaanong gabay mula sa kanila. Pinili ninyong tapusin ang mga gawaing nakaatang sa inyong mga balikat dahil alam ninyong may kabutihang idudulot sa inyo ang inyong mga pagsisikap.

Marahil ay hindi pa lubos na malinaw sa inyo kung bakit kailangan ninyong magpursige kahit may pandemya, kung bakit kailangang mag- aral kahit walang guro sa tabi upang umalalay, subalit nais kong ipaalam sa inyo na ang inyong mga pagsusumikap ay hindi

maipagwawalang silbi. Huwag ninyong maliitin ang inyong mga hakbang sa pagktuklas sapagkat kahit ang pinakamaliit na bagay na inyong nagawa ay maaaring makabuo ng isang napakalaking pagbabago sa inyong buong pagkatao. Patuloy kayong humayo at tuklasin ang lahat ng

kagandahan ng mundo na maaari ninyong makamtan, hanapin ninyo ang dunong na siyang magbibigay-linaw sa inyong mga layunin at sasagot sa lahat ng mga "bakit" na uusbong sa inyong mga isipan.

Sa huli, ay nais kong ipaabot ang aking walang hanggang pasasalamat sa ating mga magulang, mga guro at mga tagapangasiwa ng bawat paaralan, dahil sa inyong matatag na suporta alang-alang sa kagalingan ng ating mga mag-aaaral. Sa mainit na suporta ng lokal na pamahalaan, mga pribadong sektor at iba pang mga organisasyon, maraming salamat sa patuloy na pakikipagtulungan.

Mahal naming mga mag-aaral ipagpatuloy ninyo ang pagtuklas ng kaalaman hanggang sa susunod na taong-aralan, lalo pa kayong magsumikap at piliing maging matatag sa gitna ng pandemya!

**MARILOU B. DEDUMO PHD., CESO V**
Schools Division Superintendent